MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
Achievement Matters Most

# PATNUBAY NG MAGULANG sa Pinakamahalaga ang Nakakamit



Plano ng Maryland para sa edukasyong preK-12

Binago Noong Enero 2004

Tagalog

# KAGAWARAN NG EDUKASYON NG ESTADO NG MARYLAND


Edward L. Root
*Presidente*

Jo Ann T. Bell
*Bise Presidente*

Dunbar Brooks
Calvin D. Disney
Rev. Clarence A. Hawkins
Walter S. Levin
Karabelle Pizzigati
Maria C. Torres-Queral
John L. Wisthoff
Bakante
Christopher J. Caniglia *(Estudyanteng Miyembro)*

Nancy S. Grasmick
*Kalihim-Ingat-yaman ng Lupon*
*Superintendente ng mga Paaralan ng Estado*



MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION
Opisina ng Patakarang Akademiko
Ronald Peiffer, Diputadong Superintendente ng Estado
200 West Baltimore Street • Baltimore, Maryland 21201-2595
TELEPONO 410-767-0600/888-246-0016 • FAX 410-333-2275
**www.marylandpublicschools.org**


Ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland ay hindi nagdidiskrimina batay sa lahi, kulay, kasarian, bansang pinagmulan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay-daan sa mga programa. Para sa mga katanungang may kinalaman sa patakaran ng kagawaran, mangyaring makipag-alam sa


Equity Assurance and Compliance Branch
Maryland State Department of Education
200 West Baltimore Street
Baltimore, MD 21201-2595
TELEPONO 410-767-0433 TTY/TDD 410-333-6442
FAX 410-767-0431


PATNUBAY NG MAGULANG SA PINAKAMAHALAGA ANG NAKAKAMIT

# TALAAN NG MGA NILALAMAN


Mga Pagbabago sa Pampublikong Edukasyon sa Maryland 2

Pinakamahalaga ang Nakakamit 4

Matataas na Inaasahan 6

Kurikulum 8

Pagsukat ng Progreso 10

- Pagtasa ng Paaralan ng Maryland 10
- Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan ng Maryland 16

Pag-iksamen sa mga Estudyanteng may mga Espesyal na Pangangailangan at/o Limitadong Kasanayan sa Ingles 21

Pananagutan 22

Paglahok ng Pamilya 24

Paghimok na Magkamit 26


Para sa Karagdagang Impormasyon 28

# MGA PAGBABAGO SA PAMPUBLIKONG EDUKASYON SA MARYLAND

Bilang magulang, gusto mo ng pinakamabuti sa iyong mga anak. Kabilang diyan ang primera-klaseng edukasyon na maghahanda sa kanila para sa isang matagumpay na hinaharap. Gusto rin ng estado ng Maryland ang pinakamabuti para sa mga bata.

Upang itaas ang nakakamit ng bawat estudyante, inihanda ng Maryland ang **Pinakamahalaga ang Nakakamit**, isang bagong plano para sa mga pampublikong paaralan na nagtatakda ng mga hangarin sa mga lugar ng pagkakamit, pagtuturo, pag-iksamen, kaligtasan, at paglahok ng pamilya sa mga paaralan. Ang Pinakamahalaga ang Nakakamit ay batay sa ginawa ng Bisyonaryong Lupon para sa Mas Mabubuting Paaralan at kabilang din ang mga iniaatas ng Batas ng 2001 na Walang Batang Maiiwan at ng Batas na Tulay sa Kahusayan sa mga Pampublikong Paaralan.

Ang **Bisyonaryong Lupon para sa Mas Mabubuting Paaralan** ay isang grupo ng mga magulang, guro, tagapangasiwa, propesor sa kolehiyo, tagagawa ng patakaran, at mga eksperto sa pambansang edukasyon na nagsuri sa mga pagsisikap na repormahin ang paaralan ng Maryland at gumawa ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti. Ang Superintendente ng mga Paaralan ng Estado na si Nancy Grasmick ay pinagtagpo ang mga miyembro ng Lupon upang tulungan siyang planuhin ang isang bagong dekada ng pagpapabuti ng paaralan sa Maryland. Ang kanilang mga rekomendasyon ang gulugod ng Pinakamahalaga ang Nakakamit.



Ang **Batas na Walang Batang Maiiwan** ay ipinasa ng Kongreso ng Estados Unidos at pinirmahan upang maging batas noong ika-8 ng Enero, 2002. Ang batas ay nag-aatas sa mga estado na bumuo ng mga pamantayan at sukatin ang progreso ng mga estudyante sa mga ito,






ilathala ang "mga kard ng ulat" sa mga paaralan, siguraduhin na ang mga guro ay lubos na kuwalipikado, at gumawa ng aksiyon kapag ang mga paaralan ay hindi ligtas o hindi nakakagawa ng sapat na progresong akademiko. Maraming taon nang ginagawa ng Maryland ang mga bagay na ito. Gayunman, ang bagong batas ay nagbibigay sa Maryland ng mga pambansang patnubay at takdang-panahon para sa pagpapabuti.

Ang **Batas na Tulay sa Kahusayan ng mga Pampublikong Paaralan** ay ipinasa ng Pangkalahatang Asembleya ng Maryland noong tagsibol ng 2002. Ang Batas ay nagtataas ng pondo sa mga pampublikong paaralan, nagdadala ng karagdagang pondo sa mga estudyanteng nangangailangan ng espesyal na edukasyon, at nagbibigay sa mga sistema ng paaralan ng higit na kakayahang iakma ang paggugol ng mga pondo. Bilang kapalit ng mga pondong ito, ang bawat sistema ng paaralan ay dapat bumuo ng isang plano upang itaas ang nakakamit ng lahat ng mga estudyante nito. Ang mga sistema ng paaralan ay dapat magtatag ng isang buong-araw na mga programang kindergarten para sa lahat ng bata at mga programang pre-kindergarten para sa mga batang mula sa mga pamilyang malilit ang kita.

**Gusto rin ng estado ng Maryland ang pinakamabuti sa mga bata.**



# MATATAAS NA INAASAHAN

Upang ang lahat ng bata ay magkaroon ng pantay na pagkakataong magtagumpay, ang mga paaralan ay dapat magpakita ng matataas na inaasahan sa lahat ng estudyante. Narito ang ilan sa mga paraan na hinihimok ng Maryland ang matataas na inaasahan at tumutulong sa mga paaralan na gumanap ng mas mabuti para sa lahat ng bata:

- **Ang Boluntaryong Kurikulum ng Estado ng Maryland** ay ginagawang malinaw para sa mga guro at magulang kung ano ang dapat matutuhan ng mga estaduyante sa bawat asignatura at grado.
- **Ang mga paaralan ng Maryland ay may mga taunang hangarin para sa pagpapabuti** ng pagganap ng estudyante sa pagbabasa at matematika at para sa pagpapabuti ng pagdalo o bilang ng nagtatapos. Dapat matupad ng mga paaralan ang kanilang mga hangarin sa lahat ng napapailalim na grupo ng mga estudyante upang makagawa ng Sapat na Taunang Progreso. May walong napapailalim na grupo: limang napapailalim na grupo batay sa lahi/etnisidad, mga estudyanteng may mga kapansanan, mga estudyanteng limitado ang kasanayan sa Ingles, at mga estudyanteng tumatanggap ng pagkaing libre o binawasan ang presyo (isang tagapagpabatid ng kahirapan).
- **Ang mga paaralang hindi nakagawa ng Sapat na Taunang Progreso** sa dalawang taon ay tutukuyin para sa Pagpapabuti ng Paaralan ng Estado. Tingnan ang pahina 22 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pananagutan at sa Proseso ng Pagpapabuti ng Paaralan ng Estado.



- **Ang pagganap ng estudyante ay iniuulat bawat taon sa isang taunang kard ng ulat** (ang Ulat ng Pagganap ng Paaralan ng Maryland) upang malaman ng mga magulang at komunidad kung gaano kahusay ang pagganap ng kanilang mga paaralan. Ang paaralan ng iyong anak ay magbibigay sa iyo ng isang kopya ng ulat. Ito ay makukuha rin sa Web sa www.mdreportcard.org.







- **Ang bawat paaralan ay may pangkat sa pagpapabuti ng paaralan** na kumikilos upang pabutihin ang pag-aaral ng estudyante. Ang mga pangkat na ito ay binubuo ng mga guro, magulang, at miyembro ng komunidad na nag-aaral ng mga datos ng pagganap ng paaralan at sumasang-ayon sa mga pagpapabuti ng pagtuturo.
- **Ang mga gantimpalang salapi at pagkilala ng publiko** ay maaaring ibigay sa mga paaralan na nakagawa ng malaking pagpapabuti sa pagganap sa lahat ng grupo ng mga estudyante.
- **Ang isang patakaran sa paglahok ng pamilya** ay humihimok sa mga gruo ng paaralan, pamilya, at komunidad na sama-samang kumilos at maghati sa mga responsibilidad para sa edukasyon ng mga bata.

Ang mga sumusunod na pahina ay nagpapaliwanag ng iba pa tungkol sa kung paano tumutulong ang Maryland sa mga paaralan na matupad ang mga hangarin ng Pinakamahalaga ang Nakakamit. Mayroon ding mga mungkahi at payo kung paano mas makalalahok sa edukasyon ng iyong anak. Pagkatapos basahin ang *Patnubay ng Magulang sa Pinakamahalaga ang Nakakamit*, maaaring gustuhin mong makipag-usap sa guro ng iyong anak o punong-guro tungkol sa ginagawa ng paaralan upang itaas ang nakakamit ng estudyante at ano ang magagawa mo upang makatulong.

# KURIKULUM

Ang Maryland ay nagtatrabaho upang bumuo ng isang boluntaryong kurikulum na para sa buong estado.

## Ano ang kurikulum?

Ang kurikulum ay isang dokumento na naglalarawan kung ano ang dapat matutuhan ng mga estudyante sa bawat asignatura at grado. Ito ay pumapatnubay sa mga guro sa pagpaplano ng kanilang mga aralin at isang mahalagang bahagi ng pagpapabuti ng pagtuturo. Sa tradisyon, ang bawat 24 na lokal na sistema ng paaralan ng Maryland ay bumubuo ng sariling kurikulum batay sa Mga Pamantayan ng Nilalaman ng Maryland, na naglalarawan kung ano ang dapat matutuhan ng mga estudyante sa elementarya, panggitna, at mataas na paaralan.

## Bakit lilikha ng kurikulum ng estado?

May mga pagkakaiba sa mga sistema ng paaralan sa kung ano ang itinuturo at kung kailan ito itinuturo. Upang matulungan ang mga guro na maintindihan kung ano ang dapat ituro, ang Maryland ay bumubuo ng isang boluntaryong kurikulum para sa buong estado na magiging malinaw at detalyado.

## Bakit ang kurikulum ng estado ay magiging boluntaryo at hindi iniaatas?

Ang mga desisyon tungkol sa kurikulum ay ginagawa ng mga lokal na lupon ng edukasyon, hindi ng estado. Ang bagong kurikulum ng Maryland ay makukuha ng lahat ng sistema ng paaralan upang ituring na kanila o isama sa kanilang sariling kurikulum. Ang paggamit ng kurikulum ng estado ay hindi magiging sapilitan.

## Ano ang magiging pagkakaiba ng kurikulum ng estado sa Mga Pamantayan sa Nilalaman ng Maryland?

Ang Mga Pamantayan sa Nilalaman ng Maryland ay naglalarawan sa pinakamababang dapat matutuhan ng mga estudyante sa elementarya, panggitna, at mataas na paaralan. Lahat ng iksamen ng estado ay batay sa Mga Pamantayan sa Nilalaman ng Maryland. Pero ang Mga Pamantayan sa Nilalaman ng Maryland ay hindi naglalarawan kung ano ang dapat ituro *sa bawat grado*. Ang boluntaryong kurikulum ng Maryland ay magiging mas ispesipiko kaysa mga pamantayan sa nilalaman. Ang kurikulum ay maglalarawan ng dapat ituro sa *bawat asignatura* (pagbabasa/sining ng wikang Ingles, matematika, agham, mga araling panlipunan, kalusugan, pisikal na edukasyon, at mga wikang banyaga) *sa bawat grado*.





## Ano ang magiging anyo ng kurikulum?

Ang boluntaryong kurikulum ng Maryland ay magkakaroon ng tatlong antas ng detalye: mga pamantayan sa nilalaman, mga tagapagpabatid, at mga layunin.Lilinawin ng mga tagapagpabatid kung ano ang susuriin mula sa mga pamantayan sa nilalaman ng estado. Ang mga layunin ay nagdedetalye ng ispesipikong nilalaman o mga kasanayan na matututuhan ng isang estudyante sa bawat antas ng grado. Ang mga detalyeng ito ay tutulong sa mga guro na magplano ng mga aralin, aktibidad, at takdang-aralin para sa lahat ng estudyante. Nasa ibaba ang maaaring maging anyo ng isang maliit na bahagi ng kurikulum. Ang halimbawang ito ay nagpapakita ng isa lamang sa maraming kasanayan sa matematika na matututuhan ng mga nasa ikaanim na grado: paano lulutasin ang mga pagkakapantay (equation) at di-pagkakapantay (inequalities).

### Grado 6 Matematika

- Pamantayan sa Nilalaman: Kaalaman ng Algebra, mga Huwaran, o Pagganap. Ang mga estudyante ay magpapakita , magmomodelo, magsusuri sa paraan ng algebra, o lulutas ng mga problemang matematikal o tunay na mundo na nauukol sa mga huwaran o kaugnayan ng pagganap.
  - Pahayag ng Tagapagpabatid: Tukuyin, magsulat, lutasin, at gamitin ang mga pagkakapantay at di-pagkakapantay.

    Layunin:
    - Magsulat ng mga pagkakapantay at di-pagkakapantay upang ipakita ang mga pagkakaugnay.
    - Alamin ang hindi alam sa isang pagkakapantay ng haba (linear equation).

## Kailan makukumpleto ang kurikulum?

Ang Boluntaryong Kurikulum ng Estado ay sinusubukan sa pagbabasa/sining ng wikang Ingles,matematika, at mga agham na panlipunan sa mga grado preK-8 sa pagbabasa sa grado 10. Ang mga edukador ng estado at lokal na sistema ng paaralan ay kasalukuyang bumubuo ng boluntaryong kurikulum ng Maryland para sa dayuhang wika, pinong sining, kalusugan, at pisikal na edukasyon at para sa mga asignatura sa mga iksamen ng estado sa antas ng mataas na paaralan—algebra/pagsusuri ng datos, geometri, Ingles I, pamahalaan, at biyolohiya. Tingnan ang Web site ng Kagawaran ng Edukasyon ng Maryland, www.marylandpublicschools.org, para sa mga ulat tungkol sa pagbuo ng boluntaryong kurikulum.

# Pagtasa ng Paaralan ng Maryland
# Mga Halimbawang Katanungan sa Iksamen

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga uri ng katanungan sa iksamen na dapat asahan ng mga estudyante sa Pagtasa ng Paaralan ng Maryland. Ang iba pang mga halimbawang katanungan sa iksamen ay nakalagay sa Web sa www.marylandpublicschools.org.

## *Halimbawang Katanungan—Ika-3 Grado Matematika*

**Mga Tagubilin:** Diliman ang bilog na kumakatawan sa iyong sagot.

Nakakita si Daria ng ilang barya sa kanyang bulsa. Tingnan ang mga barya sa ibaba.



Magkano ang nakita ni Daria sa kanyang bulsa?

Sagot ng Estudyante:

- ○ A $.92
- ● B $1.02
- ○ C $.41
- ○ D $.42



## *Halimbawang Katanungan—Ika-5 Grado Matematika*

**Mga Tagubilin:** Tignan ang mga praksiyon sa ibaba.

$$\frac{5}{4} \qquad 2\frac{1}{2} \qquad \frac{13}{8}$$

### Bahagi A

Ihanay ang mga numero sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaki.

Sagot ng Estudyente:

$$\frac{5}{4} \qquad \frac{13}{8} \qquad 2\frac{1}{2}$$

### Bahagi B

Gamitin ang alam mo tungkol sa mga katumbas na praksiyon upang ipaliwanag kung bakit tama ang iyong sagot. Gumamit ng mga salita at/o numero sa iyong paliwanag.

Sagot ng Estudyante:

Binago ko muna ang $\frac{5}{4}$ upang maging $1\frac{2}{8}$ at saka $\frac{13}{8}$ upang maging $1\frac{5}{8}$. Pagkatapos niyan ay binago ko ang $2\frac{1}{2}$ upang maging $2\frac{4}{8}$ at saka inayos ko ang mga ito sa tamang pagkakasunod-sunod. $1\frac{2}{8}$ ang nauna dahil $\frac{2}{8}$ ay mas mababa sa $\frac{5}{8}$ at ang parehong praksiyon ay mas mababa sa 2.

*Tandaan: Ang mga estudyante ay maaaring makarating sa solusyon sa iba-ibang paraan.*

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng mga uri ng mga katanungan na matatagpuan sa bahaging pagbabasa ng Pagtasa ng Paaralan ng Maryland. Ang iksamen sa bawat antas ng grado ay naglalaman ng pinaghalong mga uri ng katanungan (maraming mapipili at nakasulat na sagot) na sumasakop sa maraming kasanayan.

## Halimbawang Katanungan—Ika-3 Grado Pagbabasa

**Mga Tagubilin:** Piliin ang salita na ang kahulugan ay katulad, o halos katulad, ng salitang may salungguhit. At saka markahan ang espasyo para sa sagot na pinili mo.

Ang <u>sprinkle</u> (<u>magsabog</u>) ay __________.

Sagot ng Estudyante:

- ○ A boil (magpakulo)
- ○ B drag (kumaladkad)
- ○ C pound (kumalampag)
- ● D scatter (magkalat)

## Halimbawang Katanungan—Ika-5 Grado Pagbabasa

**Mga Tagubilin:** Piliin ang salita o grupo ng mga salita na nangangahulugan ng katulad, o halos katulad, ng salitang may salungguhit. At saka markahan ang espasyo para sa sagot na pinili mo.

Pagkatapos ng tanghalian ang klase ay <u>drowsy</u> (hinihila ng antok) at nahihirapang mag-ukol ng atensiyon sa pelikula. <u>Drowsy</u> ay nangangahulugan ng—

Sagot ng Estudyante:

- ○ A full (buo)
- ○ B late (huli)
- ○ C patient (matiyaga)
- ● D sleepy (inaantok)

## Halimbawang Katanungan—Ika-8 Grado Pagbabasa

*Tandaan: Pinabasa sa mga estudyante ang mga istoryang "Arachne" at "Damon and Pythias" at pinasagot ang mga sumusunod na katanungan.*

**Mga Tagubilin:** Basahin ang katanungang ito at piliin ang pinakamabuting sagot. At saka markahan ang espasyo para sa sagot na pinili mo.

Sa pagpapahintulot kay Pythias na ayusin ang kanyang mga gawain, ipinakita ni Dionysus na siya ay puwedeng maging—

Sagot ng Estudyante:

- ○ A brave (matapang)
- ● B compassionate (maawain)
- ○ C indifferent (walang-malasakit)
- ○ D indecisive (Di-nakakapagpasiya)



May mga katanungnan sa Pagtasa ng Paaralan ng Maryland na nangangailangan ng nakasulat na sagot. Tinatawag ng mga guro ang mga katanungang ito na “mga aytem na binuong-sagot,” dahil ang mga estudyante ay dapat bumuo ng kanilang mga sariling sagot sa halip na piliin ang mga ito sa isang listahan ng mga posibleng sagot. Ang katanungan sa ibaba ay isang halimbawa ng maikling binuong-sagot na aytem na maasahan ng mga estudyante sa Pagtasa ng Paaralan ng Maryland.

## Halimbawang Katanungan—Ika-8 Grado Pagbabasa

*Tandaan: Bago sagutin ang katanungang ito, ang mga estudyante ay magbabasa ng dalawang liham sa editor na kumakatawan sa magkasalungat na opinyon kung dapat palitan ng Mataas na Paaralan ng Rossie Heights ang maskot nito, ang "Makapangyarihang Mola." Pagkatapos basahin ang dalawang liham, ang mga estudyante ay sasagot sa isang serye ng mga katanungang maraming-mapipiling-sagot at mga katanungan na may binuong-sagot. Ang mga sumusunod ay isang halimbawa ng maaaring maging anyo ng katanungan na may binuong-sagot at sagot dito.*

**Mga Tagubilin:** Basahin ang liham sa editor ni Margaret Caldwell. At saka basahin ang liham ni Anton Lazlo.

Sumulat ng isang kabuuran ng liham ni Margaret Caldwell. Tiyakin na isama ang mahahalagang punto sa iyong kabuuran.

Posibleng Sagot ng Estudyante:

Kahit may mga taong gustong tanggalin ang maskot, umaasa si Margaret Caldwell na sasang-ayon kayo sa kanya. Maraming taon na ang nakakaraan, isang estudyante ang sumakay sa kanyang mola patungo sa isang laro, at ang koponan ay nanalo bagaman sila ay natatalo sa una. Iyon ay ang lolo ni Margaret, at ang molang iyon ay naging maskot. Ito ay naging maskot sa maraming taon, at umaasa siya na hindi ito magbabago, dahil ang mola ay mabuting maskot.

*Tandaan: Ang sagot na ito ay nagpapakita ng lubos na pagkaunawa sa liham ni Margaret Caldwell. Gayunman, maraming sagot na maaaring tanggapin.*



# Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan ng Maryland

## Ano ang Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan ng Maryland?

Ang Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan ng Maryland (HSA) ay mga iksamen sa Ingles 1, algebra/pagsusuri ng mga datos, pamahalaan, at biyolohiya. Kinukuha ng mga estudyante ang bawat iksamen pagkatapos makumpleto ang bawat kurso. (Kabilang dito ang mga estudyante sa panggitang paaralan na kumukuha ng mga kurso sa antas na mataas na paaralan.) Ang mga iksamen ay nagtataglay ng mga katanungang maraming mapipiling sagot at mga katanungan na nangangailangan ng mga nakasulat na sagot. Ang mga puntos ay iniuulat para sa mga indibidwal na estudyante, paaralan, mga lokal na sistema ng paaralan, at estado.

## Kailangang bang pumasa sa HSA ang aking anak para makapagtapos?

Hindi sa panahong ito. Lahat ng estudyante ay inaasahan na kumuha ng HSA, pero ang pagpasa ay hindi pa iniaatas. Ang pinakaunang grupo ng mga estudyante na maaaring atasang kumuha at pumasa ng HSA bilang pangangailangan sa pagtatapos ay ang magtatapos na klase ng 2009.






## Ang mga estudyante ba ay may pananagutan sa kanilang pagganap sa HSA?

Oo. Ang mga magulang ay tatanggap ng mga indibidwal na puntos ng kanilang mga anak sa iksamen. Gayon din, ang estado ay nag-aatas sa mga lokal na sistema ng paaralan na maglimbag ng mga puntos sa HSA sa Ingles 1, algebra/pagsusuri ng mga datos, biyolohiya, at pamahalaan sa mga transcript ng estudyante na pumapasok sa grado 9 sa o pagkaraan ng taglagas ng 2001, kaya dapat gawin ng iyong anak ang makakaya sa mga iksamen.

## Ang mga estudyante ba ay dapat pumasa sa Mga Iksamen ng Pagganap ng Maryland upang makatanggap ng diploma ng mataas na paaralan?

Noong Agosto 2003, ang Lupon ng Edukasyon ng Estado ng Maryland ay nagpasiyang tapusin ang Programang Iksamen ng Pagganap ng Maryland. Ang magtatapos na klase ng 2004 ay ang huling klase ng mga estudyante na iniaatasang pumasa sa Mga Iksamen ng Pagganap ng Maryland upang makatanggap ng diploma. Tinapos ng Lupon ng Estado ang programang Iksamen ng Pagganap upang ang mga paaralan ay makapagbuhos ng panahon sa paghahanda sa mga estudyante para sa HSA. Ang HSA ay mas mahirap sa Mga Iksamen ng Pagganap, na sumusukat lamang ng basikong kasanayan sa pagbabasa, pagsusulat, at matematika.



Kung ang Lupon sa Edukasyon ng Estado ay magpasiya na iugnay ang pagpasa sa HSA sa pagtatapos, magpapasiya ito kung ang Mga Iksamen sa Pagganap ng Maryland ay dapat ipagpatuloy o hindi. Puwede ring bisitahin ninyo ang Web site ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland, www.marylandpublicschools.org, para sa karagdagang impormasyon at mga pag-uugnay sa mga halimbawang iksamen. Para sa impormasyon tungkol sa iskolarsip at tulong na salapi, bisitahin ang Web site ng Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon ng Maryland, www.mhec.state.md.us, at kausapin ang tagapayo ng inyong anak.

# Mga Halimbawang Katanungan ng Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan ng Maryland


## *Mga sipi mula sa Pagtasa sa Algebra/Pagsusuri ng mga Datos*

Ang mga sumusunod na aytem sa iksamen ay kinuha sa pagtasa sa algebra/pagsusuri ng mga datos na sinubukan noong Enero at Mayo 2000. Upang makita ang mga katanungan sa iksameng ibinigay noong 2001, 2002, at 2003, bisitahin ang mdk12.org/mspp/high_school/look_like/.

**Mga Tagubilin:**
Gamitin ang mga Grid sa Pagtugon sa Libro ng Sagot upang sagutan ang problema sa ibaba.

Si Keisha ay sumisingil ng $5.50 kada oras para sa pagtatrabaho sa bakuran. Siya ay sumisingil din ng $2.00 para sa mga gamit sa bawat trabaho. Ilang oras ang kakailanganin niya sa isang trabaho upang bayaran ng $35.00?

**Sagot ng Estudyante:**






**Mga Tagubilin:** Sagutan ang sumusunod ng problema sa Libro ng Sagot.

Dalawang pagawaan ng bisikleta ang gumagawa ng pasadyang bisikleta. Ang Bicycle City ay sumisingil ng $160 at $80 para sa bawat araw na kailangan upang mabuo ang bisikleta. Ang Bike Town ay sumisingil ng $120 para sa bawat araw na kailangan upang mabuo ang bisikleta.

- Sumulat ng pagpapantay para sa bawat tindahan na naglalarawan ng singil na (C) upang bumuo ng pasadyang bisikleta sa x na bilang ng mga araw.


- Sa anong bilang ng mga araw magiging magkapareho ang singil sa bawat tindahan? Ano ang magiging singil para sa bilang na iyon ng mga araw? Gumamit ng matematika upang bigyang-katwiran ang iyong sagot. (Kung nilutas mo ang problema sa paraang grapiko, gamitin ang grid na ipinagkakalob sa Libro ng Sagot upang idagdag ang iyong nakasulat na sagot.)

- Kailan mas murang gamitin ang Bicycle City kaysa Bike Town upang bumuo ng pasadyang bisikleta? Kailan ito mas mahal? Gumamit ng matematika upang bigyang-katwiran ang iyong sagot.

**Sagot ng Estudyante:**

Bike City
160 + 80x=C
160 + 80(4)=480

Bike Town
120x=C
120(4)=480




sa 4 na araw ang singil ay magiging magkapareho sa bawat tindahan $480

Mas mura sa Bike City
X>4

ang linya ay mas mababa pagkaraan ng 4 na araw

Mas mahal sa Bike City
X<4

*Tandaan: Ang mga estudyante ay maaaring makarating sa solusyon sa iba-ibang paraan.*

**Mga Tagubilin:** Diinan ang angkop na bilog upang ipabatid ang iyong sagot.

Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng bilang ng mga aso sa Estados Unidos na may mga partikular na kahanga-hangang nagagawa.

### Mga Kahanga-hangang Nagagawa ng Aso

| Kahanga-hangang nagagawa | Bilang (sa mga milyon) |
|---|---|
| Umupo | 5.3 |
| Alugin ang paa | 3.8 |
| Gumulong | 2.9 |
| Tumayo sa mga panlikod na binti | 1.9 |
| Umawit | 0.8 |
| Kunin ang diyaryo | 0.4 |

Pagsasamahin ni Steve ang mga halaga sa talahanayan para sa mga asong nakakatayo sa panlikod na binti at mga asong nakakaawit. Ipinasiya niya na may 2.7 milyong aso sa Estados Unidos na nagagawang tumayo sa kanilang mga panlikod na binti o nakakaawit. Bakit ang pahayag na ito ay maling paggamit ng mga datos?

Sagot ng Estudyante:

- ○ A Hindi isinaalang-alang ni Steve na may mga asong walang anumang kahanga-hangang nagagawa.
- ○ B Hindi isinaalang-alang ni Steve na may mga asong isa lamang ang kahangang-hangang nagagawa.
- ○ C Hindi isinaalang-alang ni Steve ang lahat ng aso sa Estados Unidos.
- ● D Hindi isinaalang-alang ni Steve na may mga aso na nakakagawa ng parehong kahanga-hangang nagagawa.





# PAG-IKSAMEN SA MGA ESTUDYANTENG MAY MGA ESPESYAL NA PANGANGAILANGAN AT/O LIMITADO ANG KASANAYAN SA INGLES

May mga estudyante sa Maryland na may mga espesyal na pangangailangan. Halimbawa, ang isang estudyanteng may kapansanan ay maaaring nangangailangan ng mga espesyal na pagtuturo at pag-iksamen, tulad ng isang estudyante nagsisimula pa lamang mag-aral ng wikang Ingles. Dahil ang Maryland ay nakalaang itaas ang nakakamit ng bawat estudyante, ang pagsukat ng progreso ng mga estudyanteng may mga espesyal na pangangailangan at/o limitadong kasanayan sa Ingles ay napakahalaga. Lahat ng estudyante ay may karapatan ayon sa batas na isama hangga't makakaya sa lahat ng iksamen na para sa buong estado at upang isama ang mga resulta ng kanilang iksamen sa sistema ng pananagutan ng Maryland. Ang mga estudyante ay mayroon ding karapatan ayon sa batas sa mga kaluwagan sa pagtuturo at iksamen na makakatulong sa kanila na ipakita ang kanilang natutuhan.

Ang mga estudyanteng tumatanggap ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon ay kukuha ng lahat ng iksamen ng estado, maliban kung ang kanilang Programang Edukasyong Ibinabagay (IEP) ay nagsasaad na hindi sila kukuha ng Alt-MSA na dating tinatawag na Programang Pagtasa ng Malayang Kadalubhasaan (IMAP). Ang Alt-MSA ay isang iksamen na idinisenyo para sa mga estudyanteng hindi lumalahok sa pangkalahatang kurikulum.

Lahat ng estudyanteng tumatanggap ng pagtuturo sa mga programang Ingles Bilang Pangalawang Wika (ESOL) ay dapat lumahok sa lahat ng iksamen ng estado. Ang komite ng Limitadong Kasanayan sa Ingles (LEP) ng bawat paaralan ay gumagawa ng mga desisyon tungkol sa mga angkop na kaluwagan para sa paglahok sa mga iksamen ng estado ng mga estudyanteng limitado ang kasanayan sa Ingles.

Ang mga kaluwagan sa mga iksamen ng estado ay magiging katulad ng mga ipinagkakaloob sa pagtuturo sa silid-aralan at nakalagay sa IEP para sa isang estudyanteng may kapansanan o sa mga plano para sa karapat-dapat na estudyanteng 504 o limitado ang kasanayan sa Ingles.

Kung ang iyong anak ay may mga espesyal na pangangailangan o limitadong kasanayan sa Ingles, makipag-alam sa iyong paaralan upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa mga plano sa pagtuturo at iksamen para sa kanya.



# PAGHIMOK NA MAGKAMIT

Gusto mong matagumpay ang iyong anak sa paaralan at sa buhay. Maraming paraan upang himukin siya na makamit ang mga hangarin. Ang mga sumusunod ay ilan sa magkakaibang paraan na makakatulong ka sa iyong anak na makuha ang pinakamabuting makukuha sa paaralan:

- Magtakda ng matataas na inaasahan sa iyong anak. Linawin na ang paaralan ang kanyang dapat unahin.
- Palagiang kausapin ang mga guro ng iyong anak tungkol sa kanyang progreso at kung ano ang magagawa mo upang tulungan siyang higit na matuto.
- Makipagkita sa tagapayo ng iyong anak sa unang bahagi ng paggitnang paaralan upang planuhin ang pagpili ng kurso sa mataas na paaralan.
- Mag-ukol ng hindi kukulangin sa 15 minuto bawat araw upang kausapin ang iyong anak at magbasang kasama siya. (Para sa isang listahan ng mga





iminumungkahing aktibibad ng pamilya at pang-araw-araw na payo sa mga magulang, bisitahin ang *Take 15 for the Family* sa Web sa www.marylandpublicschools.org/family_literacy/take15.htm.)
- Magkaloob ng isang tahimik na lugar para sa pag-aaral ng iyong anak.
- Tulungan ang iyong anak sa kanyang araling-bahay.
- Magpakita ng interes sa ginagawa ng iyong anak sa paaralan.
- Limitahan ang oras ng iyong anak sa panonood ng telebisyon at talakayin sa kanya ang nakikita sa telebisyon.
- Subaybayan ang oras na ginugugol ng iyong anak sa paglalaro ng video o sa Internet.
- Magboluntaryo upang tumulong sa mga aktibidad ng paaralan at sikaping palahukin din ang ibang mga magulang.
- Himukin ang iyong anak na kumuha ng mga kursong hahamon sa kanyang kakayahan.
- Kung ang iyong anak ay nasa sa panggitna o mataas na paaralan, makipagkita sa kanyang tagapayo upang talakayin ang mga pagkakataon pagkatapos ng mataas na paaralan.

**Mag-ukol ng hindi kukulangin sa 15 minuto bawat araw sa pagbabasa at pakikipag-usap sa iyong anak.**

# PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Kung ikaw ay mga katanungan tungkol sa pagganap ng estudyante o paaralan, ang pinakamabuting lugar para magsimula ay sa guro, punong-guro, o tagapayo ng iyong anak. Ang inyong lokal na sistema ng paaralan ay isa pang mabuting mapagkukunan ng impormasyon. At huwag kalilimutan ang inyong pampublikong aklatan! Magagamit mo ang mga computer ng aklatan upang kumunekta sa Web, at ang mga tauhan ng aklatan ay makakatulong sa iyong pananaliksik. Ang mga sumusunod na organisasyon ay makakatulong sa iyong kumuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa pagpapabuti ng nakakamit ng estudyante at paaralan.

**MARYLAND STATE DEPARTMENT OF EDUCATION**
200 West Baltimore Street
Baltimore, MD 21201
TELEPONO 410-767-0600 o 888-246-0016
FAX 410-333-2275
TTY/TDD 410-333-3045

www.marylandpublicschools.org
*para sa ipinalalathala at impormasyon tungkol sa programa*

www.mdk12.org
*para sa impormasyon tungkol sa pagtuturo, mga pangkat sa pagpapabuti ng paaralan, at iba pa*

www.mdreportcard.org
*para sa pagganap ng paaralan*

**MARYLAND PTA**
5 Central Avenue
Glen Burnie, MD 21061
TELEPONO 410-760-6221 o 1-800-707-7972
FAX 410-760-6344
www.mdpta.org

**U.S. DEPARTMENT OF EDUCATION**
400 Maryland Avenue, SW
Washington, DC 20202
TELEPONO 1-800-USA-LEARN
FAX 202-401-0689
TTY/TDD 1-800-437-0833

www.ed.gov
*para sa pangkalahatang impormasyon*

www.nochildleftbehind.org
*para sa impormasyon sa Batas na Walang Batang Maiiwan*

**MARYLAND HIGHER EDUCATION COMMISSION**
*para sa impormasyon tungkol sa mga kolehiyo, tulong na salapi, at mga iskolarsip*
839 Bestgate Road, Suite 400
Annapolis, Maryland 21401
TELEPONO 410-260-4500 o 1-800-974-0203
*para sa mga pangkalahatang tanong*

TELEPONO 410-260-4565 o 1-800-974-1024
*para sa mga tanong tungkol sa tulong na salapi*

FAX 410-260-3200
TTY 800-735-2258

www.mhec.state.md.us





# PAANO KAMI GUMAGANAP?

Gusto naming marinig sa inyo kung gaano nakatulong ang publikasyong ito na maunawaan ang mga hangarin ng Maryland para sa pampublikong edukasyon, mga pagsisikap na mapabuti ang paaralan, at kung ano ang magagawa ng mga magulang upang himukin ang pagkakamit ng kanilang mga anak at mga paaralan. Mangyaring mag-ukol ng ilang sandali upang sagutan ang mga katanungan sa ibaba.

1. **Naintindihan mo ba ang materyal sa publikasyong ito?**

   ____ Oo ____ Hindi ____ Naintindihan ko ang ilang bahagi nang higit sa iba.

   Mangyaring ipaliwanag ang iyong pinili:

2. **Tinalakay ba namin ang mga bagay na mahalaga sa iyo?**

   ____ Oo ____ Hindi ____ Mahalaga sa akin ang ilang bagay nang higit sa iba.

   Mangyaring ipaliwanag ang iyong pinili:

3. **Nagkaloob ba kami ng sapat na detalye sa bawat paksa?**

   ____ Oo ____ Hindi, *sobrang* detalye ____ Hindi, *hindi* sapat na detalye

   Mangyaring ipaliwanag ang iyong pinili:

4. **Mga Karagdagang Masasabi**

Salamat sa pag-uukol mo ng oras na ipagbigay-alam kung paano ang aming pagganap. Mangyaring gupitin ang pahinang ito at i-fax ito sa 410-333-2275 o ipakoreo ito sa Maryland State Department of Education, Communications and Strategic Planning Office, 200 West Baltimore Street, Baltimore, Maryland 21201-2595.

## Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland

# Paghiling ng Impormasyon

Ang mga materyal na nakalista sa ibaba ay makukuha sa Web sa **www.marylandpublicschools.org**. Upang humiling ng mga kopya, mangyaring gamitin ang pormang ito.

_____ *Maryland School Performance Report (Ulat ng Pagganap ng Paaralan ng Maryland)* (isang taunang ulat sa pagganap ng pang-estado at lokal na sistema ng paaralan)

_____ *The Fact Book* (*Ang Libro ng Dapat Malaman)* (mga estadistika sa pampublikong edukasyon)

*Fact Sheets (Mga Papel ng Dapat Malaman)* (isang serye ng mga isang-pahinang papel ng impormasyon)

- _____ Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan ng Maryland
- _____ Batas na Tulay ng Kahusayan sa mga Pampublikong Paaralan
- _____ Paaralan sa Pagpapabuti, Pangwastong Aksiyon, Muling Pagbuo

_____ * *Pag-iksamen sa Maryland: Patnubay ng magulang sa Pagtasa ng Paaralan ng Maryland*

_____ * *Mga Pagtasa ng Mataas na Paaralan ng Maryland: Isang mensahe sa mga magulang mula sa Superintendente ng mga Paaralan ng Estado*

_____ * *Patnubay ng Magulang sa Pinakamahalaga ang Nakakamit* (upang humiling na mga karagdagang kopya ng publikasyong ito)

* *Ang publikasyong ito ay makukuha sa mga salin sa ibang mga piling wika. Mangyaring tukuyin ang nais na wika.*

Iyong Pangalan: ______________________________________________

Direksiyon: __________________________________________________

Telepono sa Araw: ____________________________________________

Ipakoreo sa: The Maryland State Department of Education
Communications and Strategic Planning Office
200 West Baltimore Street
Baltimore, Maryland 21201-2595

O I-FAX sa: 410-333-2275